ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGTUKLAS SA KARANASAN NG MGA GURO NG WIKA NA NAGTUTURO SA *ADVENTURE CAMP* NG PAGPAPABASA GAMIT ANG WIKANG FILIPINO: ISANG PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL

**Firsyt B. Palo, LPT [1], Diza M. Rolida, EdD [2]**
[1]*Master of Arts in Filipino, St. Mary's College of Tagum, Inc.*
[2]*Quality Assurance Director, St. Mary's College of Tagum, Inc., Tagum City, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra25615**
**DOI No: 10.36713/epra25615**

## ABSTRACT

*Nilalayon ng pananaliksik na ito na alamin at tuklasin ang mga karanasan ng labing apat (14) na tagapagturo ng wika na nagtuturo ng Adventure Camp ng pagpapabasa gamit ang wikang Filipino sa mga pampublikong sekondaryang eskwelahan. Bukod dito, ang isinagawang pananaliksik ay makapagbibigay ng kaalaman at hakbang sa pagresolba ng mga pagsubok na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo sa Adventure Camp ng pagpapabasa gamit ang wikang Filipino. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga partisipante sa penomenolohikal na pag aaral na ito. Ang mga nakolektang tugon gamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan ay sinuri sa pamamagitan ng tematikong pag-aanalisa. Ayon sa nasuring pahayag ng mga karanasan ng mga partisipante, lumitaw ang limang tema: pagkaudyok sa guro sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino, paglaban ng guro sa kahirapan ng epektibong pagtuturo ng pagbasa, pagpapausbong ng interes sa pagbasa, pagharap sa kakulangan ng oras, kagamitan, at pagsasanay ng mga guro, at pagpupunyagi ng guro sa kabila ng kakulangan ng suporta. Lumabas sa datos ang apat na tema sa pagtugon ng mga guro sa mga hamon: pagtutulungan sa pagpapaunlad ng pagbasa, paglalapat ng teknolohiya sa kahusayan ng kasanayan sa pagbasa, panloob at panlabas na motibasyon, at paghahanda at paglikha ng kagamitang pampagtuturo. Panghuli, naisiwalat ang apat na tema ng mga pananaw ng guro: pagpapamalas ng dedikasyon at bokasyon sa pagtuturo, pagpapatuloy sa pagsasanay at suporta para sa pagpapaunlad ng guro, pag-aangkop ng pagtuturo sa kakayahan ng mga mag-aaral, at pagpapaunlad sa pagbasa gamit ang mga estratehiya sa pagtuturo. Malaki ang pakinabang ng mga resultang ito sa tagapagturo, mag-aaral, at magulang nang mapalago ang mapanuring pag-iisip at kahusayan sa pagbasa. Gayundin, makabuluhan ito sa komunidad ng Dibisyon ng Tagum at ng mga karatig na dibisyon upang pagtibayin ang mga programa sa pagbasa. Sa mga mananaliksik sa hinaharap, magsisilbi itong gabay at batayan para sa mas malalim na paggalugad sa mga mabisang pamamaraan sa pagbasa.*

**MAHAHALAGANG SALITA:** *Guro Ng Wika, Adventure Camp, Pagpapabasa, Wikang Filipino, Penomenolohiya, Tematikong Pagsusuri, Pampublikong Sekondaryang Eskwelahan, Lungsod Ng Tagum*

## INTRODUKSYON

Paglinang ng makabuluhang karanasan, tiwala sa sarili at mapanuring kaisipan ng kabataan sa pagpapabasa sa wikang Filipino sa bisa ng kahali- halinang mga gawain ang isinusulong ng programang Adventure Camp ng Departamento ng Edukasyon (Division Memorandum No. 184, s. 2023). Nagsisilbi itong plataporma sa guro sa Filipino upang maihatid ang suporta na tumutugon sa holistikong paglago ng mga estudyante sa pagbabasa gamit ang wikang Filipino. Naitatatag ang abilidad ng kabataan sa kahusayan sa pagbabasa ng tekstong may malalim na pag-intindi sa kapasidad nilang makapagbigay gabay at suporta (Nurdianingsih, 2021). Gayunpaman, kahit anuman ang pagsisikap ng guro sa pagpapatupad ng programa, nahaharap pa rin sila sa samu't saring hamon tulad ng kasalatan sa mga materyales sa pagtuturo, sobrang dami ng mga estudyante sa klase, kakulangan ng pagsasanay sa makabagong paraan at estratehiya, at ang kakulangan sa motibasyon ng mga estudyante. Ang suliraning ito ay isang hudyat na kailangang tutukan at hanapan ng mabisang solusyon ng akademikong komunidad.

Sa Indonesia, napag-alaman sa isinagawang pananaliksik na ang guro sa hayskul ay nakaranas ng problema sa pagpapabasa at komprehensyon kalakip dito ang mababang lebel ng kaalaman sa bokabularyo ng mga mag-aaral at kagipitan sa pagkakaroon ng matalas na isip sa pag-aanalisa ng mahahabang teksto. Ito ay nagbunga ng mabagal na siklo ng paghahatid ng kaalaman at pagsusumikap na matuto (Fitria et al., 2024). Sa Vietnam, maraming mga salik ang naging hadlang sa guro sa pagpapahusay ng pagbasa. Nadiskubre na may kakulangan sa epektibong paraan ng pagtuturo ng pagbasa, hindi sapat ang mga pagsasanay, mababang interes ng mga estudyante para matuto, magkakaiba ang lebel ng kakayahan ng mga estudyante, at kapos sa kagamitang panturo (Nguyen, 2022). Sa Malaysia, naging balakid rin ang kasalatan sa mabisang materyales at estratehiya na naangkop sa pangangailangan ng estudyante, kakulangan 2 ng karunungan sa makabagong metodolohiya at teknik sa pagpapayabong ng pag-intindi sa binabasa (Hussain at Mohamad, 2024).

Sa Pilipinas, natuklasan sa pagsisiyasat nina Tomas et. al (2021) na nahaharap ang mga guro sa Filipino sa mga hamon

sa pagpapabasa sa Filipino. Kabilang dito ang limitadong oportunidad sa sarilinang pagbasa, kakulangan ng mga materyales, kulang ang paggabay sa mga estudyante, walang koordinasyon ang magulang, guro, at estudyante, Maliban dito, ang pagkukulang sa pagsisikap ng guro na maayos na maipatupad ang programa sa pagbasa at ang kawalan ng pagsubaybay sa progreso ng mga estudyante. Sa paggalugad ni Decena (2021), nalantad na ang nagpapahirap sa mga guro sa pagpapabasa sa Filipino ay ang kakulangan sa pakikilahok sa pambansa at pandaigdigang pagsasanay at ang kakaunting bilang ng dalub-guro na makapagbibigay ng mas mabisang pagtuturo. Gayundin, may mga suliranin sa kakulangan ng literasiyang pagbasa at kapos na pag-agapay ng mga guro at magulang sa mga programa sa pagbasa. Sa pananaliksik naman nina Nimer at Napil (2024), lumabas na nahihirapan ang guro na umangkop sa modernong paraan at kulang ang suporta at teknolohiya, na nagiging hadlang sa paglikha ng kaakit-akit at interaktibong aralin.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilalayon ng pananaliksik na alamin at tuklasin ang mga karanasan ng guro ng wika na nagtuturo ng *Adventure Camp* partikular na sa mga guro ng pagpapabasa sa Filipino sa mga pampublikong sekondaryang paaralan. Bukod dito, layunin rin ng pananaliksik na alamin at maintindihan ang pinagdaanan ng mga guro sa penomenang nararanasan, hakbang sa pagresolba nila sa pagsubok, at ano ang kanilang pananaw dito.

Sa puntong ito ng pagsisiyasat, ang karanasan ng mga guro ng wika sa *Adventure Camp* sa pagpapabasa sa Filipino ay tumutukoy sa ipinapatupad na programa sa pagbabasa na nakabatay sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019. Ito ay kasalukuyang ipinapatupad ng mga guro sa Filipino sa sekondaryang paaralan upang alalayan ang mga kabataang mag-aaral na mapataas ang interes sa literasiyang pagbasa ng mga kwento at sulatin sa Filipino na magpapalalim sa kanilang komprehensyon at pagpapahalaga sa pagbabasa. Nagsisilbi itong plataporma na nagpapadali sa pagkatuto sa pagbasa sa mas malikhaing paraan.

**Mga Katanungan sa Pag-aaral**

1. Ano-ano ang karanasan ng mga guro ng wika na nagtuturo sa Adventure Camp ng pagpapabasa gamit ang wikang Filipino?
2. Paano natugunan ng mga guro ng wika ang mga hamong nararanasan sa pagtuturo sa Adventure Camp ng pagpapabasa gamit ang wikang Filipino?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga guro sa wika na nagtuturo sa Adventure Camp ng pagpapabasa gamit ang wikang Filipino na maaaring ibahagi sa kanilang kapwa guro?

## METODOLOHIYA

Ginamit ang kwalitatibong disenyo sa pagsisiyasat na ito. Ang kwalitatibong pagsisiyasat ay ang pagkolekta at pagsusuri ng kwalitatibong datos kagaya ng salita at nirekord na boses upang maunawaan ang konsepto at karanasan ng mga indibidwal. Inilalapat ito upang makalikom ng malalim na pagtingin sa isang suliranin o makalikha ng mga kakaibang ideya (Bhandari, 2020).

May kabuoang labing-apat (14) na guro ng wika na nagtuturo ng *Adventure Camp* ang sumailalim sa harapang pinalalim na interbyu at *virtual* na pangkatang interbyu. Pitong (7) guro ang kalahok sa IDI at pitong (7) guro rin ang kalahok sa FGD. Sila ay nanggaling sa mga pampublikong paaralang pansekondarya na aktibong nagtuturo ng *Adventure Camp* sa kanilang paaralan. Ang pagpili ng mga kalahok ay ayon sa rekomendasyon ni Creswell (2023) na nagsasaad na walang tiyak na bilang ng mga partisipante ang kinakailangan para sa kwalitatibong pagsisiyasat. Ang bilang ng kalahok ay tinutukoy nakasalig sa lalim at kayamanan ng datos na kinakailangan upang maunawaan ang sentral na penomenang pinag-aaralan.

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

**Paglalakbay ng Guro sa Pagbasa**

Ang pagtuturo ng pagbasa ay isang masalimuot ngunit mahalagang tungkulin ng guro na humuhubog sa kaalaman, kritikal na pag-iisip, at kultura ng mga mag-aaral (van der Sande et al., 2023; Serry et al., 2025). Sa gitna ng pandemya, lalong naging mahalaga ang papel ng guro sa pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya upang tugunan ang paghina ng kasanayan sa pagbasa, gaya ng National Reading Program at mga interbensyong tulad ng Drop Everything and Read (DEAR) at Read-a-thon (Barba & Bruma, 2024). Naging epektibo rin ang kombinasyon ng *synchronous* at *asynchronous* na pagtuturo sa pagpapanatili ng motibasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral (Fabriz et al., 2021; Nimer & Napil, 2024). Sa kabila ng kakulangan sa imprastraktura at digital na kasanayan, ipinamalas ng mga guro ang kakayahang umangkop at pagiging bukas sa inobasyon upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo (García & Weiss, 2020; Meinck et al., 2022).

Kasabay nito, napatunayan na ang integrasyon ng teknolohiya, *mother tongue-based instruction*, at kolaboratibong gawain ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng literasiya. Ang paggamit ng digital na kagamitan at *Technology-Assisted Reading Instruction* (TARI) ay nakapagpataas ng motibasyon, pag-unawa, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral (Zou & Ives, 2024; Estrada-Molina et al., 2021). Gayundin, ang paggamit ng unang wika ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa at mas matibay na pundasyon sa pagbasa (Ondus, 2024; Tomas, 2023). Pinagtitibay din ng mga *Professional Learning Communities* ang kakayahan ng mga guro sa pamamagitan ng kolaborasyon, pagbabahagi ng estratehiya, at patuloy na propesyonal na pag-unlad (SEAMEO INNOTECH, 2025; Smith, 2022), na higit pang pinapalakas sa tulong ng ugnayan ng paaralan at magulang.

**Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa**

Ipinapakita ng mga pag-aaral na mahalagang patuloy na paunlarin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa upang mapanatili ang bisa at kasiyahan ng guro at mag-aaral (De Campo & Tosino, 2024; Rillo, 2025). Sa kasalukuyan, malawak na ginagamit ang *multimedia* gaya ng bidyo, *digital storytelling*, at interaktibong laro upang gawing mas kawili-wili at madaling maunawaan ang mga teksto (Anderson & Anderson, 2023). Ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan ay nakatutugon sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at napatunayang epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapanatili ng interes (Jufrianto et al., 2023; Peralta et al.,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

2025). Bukod dito, nakapagpapataas ito ng motibasyon ng guro at nagbubunga ng mas makabuluhang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral (Marti, 2025).

Samantala, binibigyang-diin din ang kahalagahan ng pormatibong pagtatasa, *literature circles*, at *audiovisual* na materyales sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa. Ang tuloy-tuloy na pagtataya ay tumutulong sa guro na matukoy ang pangangailangan ng mag-aaral at maibigay ang angkop na suporta (Pozas et al., 2021; Xuan et al., 2022). Epektibo rin ang *literature circles* sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapataas ng kumpiyansa, at pagpapaunlad ng sosyal at emosyonal na kasanayan (Pratama & Ulya, 2023; Bomer, 2019). Dagdag pa rito, ang paggamit ng *audiovisual* at mga estratehiyang tulad ng prediksyon, koneksyon sa teksto, at pagbubuod ay nakapagpapalakas ng motibasyon at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral (Holt, 2021; Angelica et al., 2025; McEwan, 2020; Simon, 2021; Boryga, 2025).

**Propesyonal na Pag-unlad at Pakikipatulungan**

Mahalagang papel ang ginagampanan ng guro sa pagpapalakas ng pag-unawa sa pagbasa, sapagkat ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan ay may malaking impluwensya sa bisa ng pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Bandura, 1997). Kapag mataas ang *self-efficacy* ng guro, mas nagiging bukas sila sa paggamit ng makabago at epektibong estratehiya sa pagbasa. Pinagtitibay ito ng mga pag-aaral na nagpapakita na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad—gaya ng kolaboratibong pagkatuto, *coaching*, at pagsasanay—ay nakapagpapalakas sa kakayahan ng guro na tumugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral (Gibbons, 2020; Jennings et al., 2021). Ang ganitong mga gawain ay nagbubunsod ng mas replektibo at epektibong pagtuturo, lalo na kung sinusuportahan ng aktibong partisipasyon sa mga *workshop* at *action research* na nakatuon sa pag-unawa sa binabasa (Lee & Yang, 2022).

Bukod dito, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang pakikilahok ng mga guro sa *professional learning communities* ay nagdudulot ng mas mataas na kumpiyansa, mas mahusay na pagtuturo, at mas positibong resulta sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Norwick et al., 2021; Ferlazzo, 2021).

**Mga Hadlang sa Pagtuturo ng Pag-unawa sa Pagbasa**

Ipinapakita ng mga pag-aaral na maraming hamon ang kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pag-unawa sa binabasa. Kabilang dito ang kakulangan sa angkop na materyales, limitasyon ng kurikulum, at hindi pagkakatugma ng antas ng mga programa sa kakayahan ng mga mag-aaral (Orellana et al., 2024; De Campo & Tosino, 2024). Lalong lumala ang kakulangan sa mga aklat, modyul, at iba pang kagamitang panturo noong pandemya, na nagdulot ng malaking hamon sa epektibong pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagbasa (Dayagbil et al., 2021).

Dagdag pa rito, binanggit nina Maglunob at Tabernilla (2023) na ang kahirapan sa bokabularyo, ponemikong kamalayan, at pag-unawa sa mahahabang salita ay patuloy na suliranin ng mga mag-aaral, habang nahihirapan naman ang mga guro dahil sa kakulangan ng pagsasanay at suporta. Ang mga limitasyong ito ay higit pang pinalala ng hindi pantay na akses sa teknolohiya at kakulangan sa digital na kasanayan, na naging malaking hadlang sa epektibong online at blended na pagtuturo (Hernandez & Cruz, 2020).

**Pagtugon sa Pangangailangan ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Binasa**

Ang pagtuturo ng pag-unawa sa binabasa ay hindi lamang nakatuon sa akademikong kasanayan kundi nakaugnay din sa emosyonal at panlipunang pag-unlad ng mga mag-aaral. Mahalaga ang papel ng guro sa paggabay upang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang ideya at damdamin hinggil sa binabasang teksto, sapagkat ang kahandaan at kakayahan ng guro ay may tuwirang epekto sa kalidad ng pagkatuto (Onyishi & Sefotho, 2020; Estrella, 2022). Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang positibong ugnayan sa loob ng silid-aralan, pagkilala sa emosyon, at paglikha ng ligtas na kapaligiran ay nakapagpapalakas ng motibasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral (Savina & Fulton, 2024; Lopez, 2023; Calandri et al., 2025).

Dagdag pa rito, ang paggamit ng angkop na teksto at estratehiyang nakaangkla sa interes ng mag-aaral ay nakapagpapataas ng pakikilahok at pag-unawa sa binabasa (McBreen & Savage, 2020).

Gayundin, mahalaga ang papel ng teknolohiya at suporta mula sa komunidad sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Ang paggamit ng *digital* na kagamitan at online na mapagkukunan ay nakatutulong sa mas epektibong pagtuturo at pagsubaybay sa progreso ng mga mag-aaral (Torres et al., 2023; Reyes, 2020).

Gayunpaman, binibigyang-diin ng mga pag-aaral na nananatiling mahalaga ang suporta ng guro, pamilya, at kapwa mag-aaral sa paghubog ng positibong karanasan sa pagkatuto (Wang & Will, 2024). Sa kabila ng mga hamon dulot ng modernisasyon at pagbabago sa kurikulum, nananatiling mahalaga ang pagsunod sa pambansang pamantayan at ang patuloy na pagsasanay ng mga guro upang matiyak ang epektibong implementasyon ng pagtuturo ng pag-unawa sa binabasa (Mirasol et al., 2021; Ceremonia-Cerda, 2024).

## MGA RESULTA AT PAGTALAKAY

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Kaugnay sa Karanasan ng mga Guro sa Wika na Nagtuturo ng Adventure Camp sa Pagpapabasa Gamit ang Wikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagkakaudyok sa Guro sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino | • pagpapakita ng pagmamahal ng guro sa mga mag-aaral bilang motibasyon sa pagtuturo sa *Adventure Camp*<br>• pag-alam sa pundasyon ng pagbasa ng mga mag-aaral<br>• pagtulong sa mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa<br>• pagpapataas ng kumpiyansa sa sarili ng mag-aaral<br>• pagbibigay-tuon sa kasaysayan at karanasan ng mga mag-aaral<br>• pagtuturo ng praktikal na kasanayan sa pagbabasa |
| Paglaban ng Guro sa Kahirapan ng Epektibong Pagtuturo ng Pagbasa | • pagharap ng guro sa suliranin sa pagtuturo dahil sa malayong tirahan ng mga mag-aaral<br>• pag-aalala ng guro sa kakulangan ng suporta mula sa mga magulang<br>• pagharap sa epekto ng limitadong oportunidad ng mga mag-aaral bunga ng kahirapan<br>• pagdadala ng mabigat na responsibilidad ng guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa<br>• pagtagpo sa hamon ng pagtuturo kapag nawawalan ng tiwala sa sarili ang mga mag-aaral<br>• pagharap sa hirap ng pagtuturo sa mga batang kulang sa nutrisyon<br>• paglaban sa malaking pagsubok ng pagtuturo sa mga mag-aaral na may emosyonal at intelektuwal na suliranin |
| Pagpapausbong ng Interes sa Pagbasa | • pagharap sa hadlang ng kawalan ng pagpapahalaga sa pagbasa na naimpluwensiyahan ng tahanan<br>• paglaban sa hamon ng kakulangan ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral<br>• pagresolba sa problema ng madalas na pagliban ng mga mag aaral sa klase<br>• pagsubok sa pasensya ng guro sa pag-engganyo ng mga mag-aaral sa mga gawain sa pagbasa |
| Pagharap sa Kakulangan ng Oras, Kagamitan, at Pagsasanay ng mga Guro | • Pagharap ng guro sa kakulangan ng karanasan at pagsasanay ng guro sa pagtuturo ng pagpapabasa sa Filipino<br>• Pagkakaroon ng limitadong oras sa pagtuturo dahil sa dami ng aktibidad<br>• Pagharap sa kakulangan ng oras at kagamitan para sa epektibong pagtuturo<br>• Pagbawas ng oras ng pagtuturo dulot ng malayong lokasyon ng paaralan at mga mag-aaral |
| Pagpupunyagi ng Guro sa Kabila ng Kakulangan ng Suporta | • pagharap ng guro sa kakulangan ng kagamitang panturo<br>• pagharap sa kakulangan ng pinansyal na suporta<br>• panghihingi ng suporta mula sa administrasyon |

### Pagkakaudyok sa Guro sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino

*Napamahal na rin sa amin ang kabataan. Kaya, sila ang naging dahilan kung bakit ako napabilang sa pagtuturo sa Adventure Camp. IDI-01*

*Tinanggap ko ang hamon dahil ito ay bahagi ng aking trabaho pero habang tumatagal napalapit sila sa akin. Nagbago ang pananaw ko at naging motibasyon kong tulungan at gabayan sila sa pagbasa. FGD-06*

Ang pagtuturo ng pagbasa sa Filipino ay patuloy na hamon, subalit ang mga guro ay nananatiling matatag dahil sa kanilang dedikasyon at pagmamahal sa mga estudyante. Humuhugot sila ng lakas mula sa kanilang karanasan at malasakit upang matulungan ang bawat mag-aaral sa batayang kasanayan sa pagbasa, habang sabay na pinapaunlad ang kumpiyansa at praktikal na kakayahan ng mga estudyante (Rosales, 2024). Sa bawat hakbang ng pag-unlad ng estudyante, naipapakita ng guro ang kanyang bokasyon at layunin na maghasik ng pagkatuto at tagumpay.

Mahalaga ang motibasyon ng guro sa paglikha ng kapaligirang nakapagpapalago ng interes at kasanayan sa pagbasa. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang panloob na motibasyon at propesyonal na layunin ng guro ang pangunahing nagtutulak sa kanilang epektibong pagtuturo, samantalang ang malasakit at maingat na estratehiya ay nagbubunga ng mas mataas na

partisipasyon, kumpiyansa, at tagumpay ng mga estudyante (Kawakiby et al., 2025). Sa ganitong paraan, ang guro ay nagsisilbing gabay, tagapagtakda ng inaasahan, at pangunahing pinagmumulan ng inspirasyon sa pagkatuto ng mag-aaral.

**Paglaban ng Guro sa Kahirapan ng Epektibong Pagtuturo ng Pagbasa**

*Kadalasan, ang mga natukoy na estudyante ay nakatira sa malayong lugar. Ito ang hamong kinakaharap namin ngayon. Mayroon ding mga magulang na hindi marunong bumasa. Kaya, nahihirapan silang tulungan ang kanilang mga anak. IDI-01*

*Napansin ko rin na maraming magulang at guardian ang kulang sa suporta sa kanilang mga anak. Hindi nila nasusubaybayan dahil abala sila sa pagtatrabaho. IDI05*
*Maraming pagkakataon na hindi sapat ang suporta galing sa magulang na sana ang pinakamahalaga sa pagpapatibay ng natutunan sa bahay ng bawat mag-aaral. FGD-01*

Maraming hadlang sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino, kabilang ang malalayong tirahan, mabigat na gawain ng guro, kahirapan sa buhay, malnutrisyon, mababang kumpiyansa sa sarili, at iba't ibang suliraning emosyonal (Torres, 2024). Nakaaapekto ang distansya ng tirahan sa pagdalo, konsentrasyon, at akademikong pagganap ng estudyante, habang ang pang-araw-araw na paglalakad ay nagdudulot ng pagkapagod at madalas na pagliban. Bukod dito, mababa ang antas ng pakikilahok ng magulang, na mahalaga sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili at kasanayan sa pagbasa (Caban et al., 2024). Mas mataas na partisipasyon ng magulang ay kaugnay ng mas mahusay na pag-unlad sa pagbasa.

Kasabay ng limitadong suporta ng magulang, mabigat din ang tungkulin ng guro sa pagpapatupad ng programang pagbasa (Rillo,2025). Kinakailangan nilang lumikha ng kontekstwalisadong kagamitan, umangkop sa iba't ibang antas ng kahusayan ng estudyante, at magsagawa ng karagdagang gawain sa kabila ng kakulangan sa mapagkukunan. Bukod dito, lumolobo ang bilang ng estudyanteng nahihirapan sa pagbasa dahil sa kakulangan ng batayang kasanayan, mababang tiwala sa sarili, kalagayang pangkabuhayan, at malnutrisyon (Tomas et al., 2021). Iminumungkahi ng mga pag-aaral ang pagbibigay ng sikolohikal at panlipunang suporta, lokalisadong kagamitan, at pagsasanay ng guro bilang tugon sa mga hamong ito.

**Pagpapausbong ng Interes ng Pagbasa**

*May mga batang hindi sanay o interesado sa pagbabasa lalo na kung wala silang sapat na exposure mula sa kanilang tahanan. Hamon sa akin bilang guro, kung paano ko sila mahihikayat na pahalagahan ang pagbabasa. IDI-04*

*Malaking hamon talaga ito sa amin na malaking paaralan. Maraming bata ang dapat kasali sa Adventure Camp pero iilan lang ang dumadalo. Napakahirap kahit sabihan mo pa ang mga tagapayo na subaybayan sila. FGD-04*

Isa sa pinakamalaking hamon ng guro sa pagbasa ay ang pagpapanatili ng interes at motibasyon ng estudyante, lalo na kung kulang ang suporta mula sa tahanan at komunidad. Kapag hindi binibigyang-halaga ang edukasyon sa pamilya, nahihirapan ang guro na linangin ang literasiya ng mag-aaral (Zainuddin Banjari et al., 2023). Ang limitadong partisipasyon ng magulang at kakulangan ng kapaligiran na nakakaengganyo sa pagbasa ay nagdudulot ng mababang motibasyon, na paulit-ulit na sinusubok ang pasensya ng guro at nagiging hadlang sa aktibong pagkatuto ng estudyante (Tegmark et al., 2022).

Mahalaga ang papel ng guro sa paghubog ng motibasyon at akademikong pagganap ng estudyante. Natuklasan nina Anderson (2022), na ang madalas na pagliban ay nagdudulot ng mababang marka at kawalan ng motibasyon. Samantala, ang mga gurong mapagpasensya, malikhain, at mapagparaya ay nakapagpapalakas ng kagustuhan ng estudyante na matuto, at nakalilikha ng kapaligirang kaakit-akit sa pagbasa (Abnisa & Zubairi, 2022) Sa ganitong paraan, ang guro ay nagsisilbing inspirasyon, tagapag-udyok, at gabay na nagtataguyod ng masigasig at mapanuring mga mambabasa.

**Pagharap sa Kakulangan ng Oras, Kagamitan at Pagsasanay ng mga Guro**

*Isa talaga sa pinakamalaking hamon na aking naranasan, noong unang araw kong magturo ng Adventure Camp ay kung paano ako magtuturo. Wala naman akong karanasan at sapat na pagsasanay sa pagtuturo ng estudyante na hindi pa marunong magbasa. FGD-01*

*Bilang guro ng wika na nagtuturo ng pagbasa sa Filipino sa Adventure Camp, marami akong hamong kinakaharap. Isa rito ang kakaunting oras at kakulangan ng materyales sa pagtuturo. IDI-07*

Patuloy na nakaharap sa hamon ang mga guro sa pagbasa dahil sa kakulangan ng oras, magulong iskedyul, at limitadong kagamitan. Ayon kina Prosia at Tan (2025), ang kakapusan sa oras ay pangunahing hadlang sa pagtuturo, lalo na sa mga estudyanteng nahihirapan sa pagbasa. Bukod dito, natuklasan nina Adao et al. (2023) na ang kakulangan sa pedagogical preparation at materyales ay nagiging hadlang sa mabisang paghasa ng kasanayan sa pagbasa, lalo na sa mga guro na hindi espesyalisado sa wika.

Dagdag pa rito, nahihirapan ang guro sa pagbalanse ng iba't ibang tungkulin at limitado ang pagkakataon sa propesyonal na paglago, na direktang nakakaapekto sa kalidad ng pagtuturo. Ayon kina Ladeño et al. (2025), ang kakulangan sa sistematikong pagsasanay sa pagbasa ay nagreresulta sa hindi sapat at hindi tiyak na mga taktika, na nagdudulot ng mababang marka at kahusayan ng estudyante. Ang limitadong propesyonal na pag-unlad at kakulangan sa suporta ay malinaw na humahadlang sa epektibong paghubog ng literasiya ng mga mag-aaral.

**Pagpupunyagi ng Guro sa Kabila ng Kakulangan ng Suporta**

*Nangangapa pa ako sa materyales na gagamitin dahil hindi ito ibinibigay. Kami mismo ang gumagawa ng DLL at naghahanap ng mga araling ituturo batay sa naging bunga ng pagsusulit sa estudyante. IDI-05*

*Maliban na lang sa mga talagang may pera na kayang gumastos mula sa sariling bulsa para sa ipamimigay na gantimpala, pero kailangan pa rin natin ng suporta mula sa ating administrasyon. FGD 07*

Patuloy na nagsasakripisyo ang mga guro ng oras, lakas, at salapi para sa kanilang mga estudyante kahit may personal na hirap. Ayon kina Bernardo at Lim (2022), malaking balakid ang kakulangan sa pondo at kagamitan sa pampublikong paaralan, na lalo pang pinalala ng isyu ng korupsiyon. Isiniwalat ni Apiles (2025) na ang kakulangan ng aklat at iba pang materyales ay nagdudulot ng limitadong tulong sa guro, kapos na oras sa klase, at mababang marka ng mag-aaral, lalo na sa mga may mababang motibasyon.

Gayunpaman, binigyang-diin nina Arisga et al. (2025) na mahalaga ang suporta ng pamunuan upang mapanatili ang bisa ng interbensyon sa pagbasa. Ang kakulangan ng aktibong pangangasiwa at koordinasyon ay naglilimita sa tagumpay ng mga estratehiya, kaya't kinakailangan ang tamang suporta at pag-alalay upang maging epektibo ang pagtuturo at masubaybayan ang progreso ng estudyante.

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Kaugnay sa Pagtugon ng mga Guro sa mga Hamong Nararanasan sa Pagtuturo ng Adventure Camp sa Pagpapabasa Gamit ang Wikang Filipino**

| Mga Pangunaing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagtutulungan sa Pagpapaunlad ng Pagbasa | • kolaborasyon sa pagitan ng mga guro sa pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo<br>• pakikipag-ugnayan ng guro sa mga magulang<br>• pagkakaroon ng student-parent na oryentasyon<br>• paggamit ng iba't ibang kolaboratibong estratehiya sa pamamagitan ng pagpapares<br>• paglinang ng pagkakaisa at pagtutulungan gamit ang sabayang pagbigkas<br>• pagsanib ng sining sa pagbasa para sa mas masiglang aralin<br>• paglikha ng positibong kapaligiran sa pagbasa |
| Paglalapat ng Teknolohiya sa Kahusayan ng Kasanayan sa Pagbasa | • paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto<br>• pagpukaw sa interes gamit ang digital tools<br>• paggamit ng mga online na sanggunian gaya ng internet at YouTube<br>• pagsusuri ng pagbasa gamit ang voice recorder<br>• pagpapalalim ng pagbasa sa pamamagitan ng biswal at mga nakasulat na Gawain |
| Panloob at Panlabas na Motibasyon | • panghihikayat na matuto sa pamamagitan ng papremyo<br>• pagbibigay ng kasiyahan at kumpiyansa sa mga mag-aaral<br>• pagkilala sa maliit na tagumpay<br>• paggawad ng sertipiko at mga papremyo sa pagkamit ng tagumpay<br>• pagbibigay ng papremyong pagkain sa pagkatuto |
| Paghanda at Paglikha ng Kagamitang Pampagtuturo | • pagkukusa na maghanap ng mga kagamitan para sa pagbasa<br>• paglikha ng sariling materyales sa pagbasapagkilala sa maliit na tagumpay<br>• paggamit ng nakaimprintang teksto at resiklong kagamitan<br>• paglalapat ng sari-saring pantulong na materyales sa pagtuturo<br>• paghahanda ng mga kagamitang gagamitin sakaling walang internet |

**Pagtutulungan sa Pagpapaunlad ng Pagbasa**

*Nakikipag-ugnayan din ako sa mga kapwa guro at mga magulang upang masuportahan ang bata. IDI-06*

*Gumamit ako ng estratehiyang "Think-Pair-Share" kung saan nagpapalitan ng ideya ang mga estudyante sa klase. IDI-04*
*Sa sabayang pagbigkas, pinapangkat ko sila upang magkaroon ng kolaborasyon. IDI-05*

*Isinasagawa ko ang reading circle upang maging mas magaan ang samahan at mas maging komportable sila sa pagbabasa. IDI-07*

Ang konsepto ng bayanihan ay mahalagang salik sa tagumpay ng edukasyon, kung saan ang kooperasyon ng guro, magulang, at estudyante ay pundasyon ng epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ayon kay Vidyarthi (2024), ang kolaborasyon ng komunidad ng paaralan ay nagpapalakas sa bisa ng mga estratehiyang pampagtuturo at nagbubukas ng inklusibong espasyo para sa pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinapakita nina Siti et al. (2024) na ang aktibong pakikilahok ng mga magulang ay nagpapatibay sa ugnayan ng tahanan at paaralan, na mahalaga sa akademiko at sosyo-emosyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral.

Ang kolaboratibong pagtuturo ay nakatuon sa sama-samang pagkilos ng mga mag-aaral sa paglutas ng suliranin at paglikha ng makabuluhang gawain, kung saan ang guro ay gumaganap bilang tagapagpadaloy at tagapayo (Vidyarthi, 2024). Pinatutunayan ni Suresh (2025) na ang ganitong dulog ay nagpapalakas ng pakikilahok, kasanayang panlipunan, kognitibo, at nagdudulot ng inobasyon sa pagtuturo. Bukod

dito, ayon kina Arifin at Tumin (2025), ang malinaw at bukas na komunikasyon sa pagitan ng guro at magulang ay nagpapataas ng motibasyon, kumpiyansa, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa pangmatagalang tagumpay sa edukasyon.

**Paglalapat ng Teknolohiya sa Kahusayan ng Kasanayan sa Pagbasa**

*Gumagamit din ako ng digital na materyales gaya ng slides, audio recordings, at mga storytelling videos nang mas magising ang interes. IDI-04*

*Gumagamit ng mga online games tulad ng Kahoot at Quizzes, pati na rin ng TV at mga video sa YouTube. IDI-05*

*Sa pagbasa nang malakas, ginagamit ko ang voice recorder sa cellphone upang marinig ng estudyante ang pagbasa at matukoy ang dapat pang pagbutihin. FGD-02*

*Bukod sa paggamit ng laptop at mga video, gumagawa kami ng story strips, picture sequencing gamit ang cards, at reading journal worksheets. FGD-04*

Sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, nagbukas ang maraming oportunidad para sa mga guro na mapaigting ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang makabago at interaktibong estratehiya. Ang paggamit ng e-books, audio text, aplikasyon, at online platforms ay nagiging daan upang maging mas kawili-wili, personalisado, at inklusibo ang pagkatuto, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang kumpiyansa o limitadong suporta sa tahanan. Ayon kina Iskandar et al. (2024), epektibo ang integrasyon ng teknolohiya sa pagpapataas ng motibasyon at pag-unawa ng mag-aaral. Pinagtibay pa ito ni Misnar et al. (2025), na nagsabing ang *interactive digital books* at *educational software* ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa akademikong pagganap.

Bukod sa pagpapataas ng motibasyon, nakatutulong ang teknolohiya sa pagbawas ng emosyonal na hadlang sa pagkatuto at paglikha ng positibong karanasan sa pagbabasa. Ayon kay Erwinda et al. (2021), na ang internet at YouTube ay epektibong kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at paglinang ng kasanayan sa pagbasa, pakikinig, at pagsasalita. Dagdag pa, ang paggamit ng biswal na elemento at social media ay nakapagpapabilis ng pagkatuto, nagpapalalim ng literal at inperensyal na pag-unawa, at nakapagpapasigla ng malikhaing pag-iisip (Nikleva & Rodriguez, 2022).

**Panloob at Panlabas na Motibasyon**

*Mayroon kaming mga papremyo pero hindi ito nakabatay sa grado. Dahil, kapag nakatali sa grado ay nagkakaroon ng tendensiya na magsikap lang para sa marka. IDI-02*

*Nagbibigay kami ng mga kendi, bituin, at stamp bilang gantimpala. May stamp upang maengganyo ang mga bata. FGD-01*

*Nagbibigay kami ng mga sertipiko kapag sila ay nagtapos. Bukod pa rito, nagbibigay kami ng notebook, mga ballpen, papremyo, at limang piso upang mas ganahan sila. FGD-04*

*Epektibo ang papremyo na sistema lalo na kung pagkain ang gantimpala. FGD-06*

Ayon kina Maizari et al. (2024), ang pagbibigay ng papuri, gantimpala, at iba pang positibong pagpapatibay ay nagpaparamdam sa estudyante na pinahahalagahan ang kanilang pagsisikap. Dahil dito, mas aktibo silang nakikilahok sa mga gawain at nagkakaroon ng sigla sa paghubog ng kanilang akademikong kakayahan. Katulad nito, ipinakita nina Billah et al. (2022) na ang iba't ibang anyo ng gantimpala—material, simboliko, o pisikal—ay epektibong nagpapataas ng pagganyak, bagamat nagkakaiba ang bisa batay sa indibidwal na pangangailangan at interes ng mag-aaral.

Pinagtibay pa ng mga inisyatiba ng Department of Education, ang kahalagahan ng insentibo sa pagkatuto, tulad ng pamamahagi ng sertipiko, meryenda, at mainit na pagkain, na nagpapataas ng dalo, partisipasyon, at kasanayan sa pagbasa. Sang-ayon dito, natuklasan nina Al Fazri et al. (2025) na ang regular na pagbibigay ng libreng pagkain ay positibong nakaaapekto sa konsentrasyon, memorya, at motibasyon ng estudyante.

**Paghanda at Paglikha ng Kagamitang Pampagtuturo**

*Ang ibang mga materyales ay kami na ang naghanap at gumawa ng paraan para matustusan ang mga kakulangan. IDI-05*
*Kapag kulang ang libro, gumagawa ako ng sariling reading cards, cut-outs, at maiikling kwento na ako mismo ang sumulat. IDI-06*
*Nag-imprinta ako ng mga kwento mula sa internet at gumawa ng sariling mga sipi ng babasahin. Nagtayo rin ako ng simpleng sulok ng pagbasa gamit ang muling ginamit na materyales tulad ng tsart, mga plaskard, at mga poster. IDI-07*
*Kapag walang TV, iginuguhit ko na lang ang pagkakasunod-sunod ng kwento sa Manila paper. Ginagamit ko rin ang mga resiklong materyales. FGD-03*
*Wala kaming stable na internet, kaya kuniha ko ang mga kwento sa YouTube para magamit kahit offline. FGD-05*

Bawat matagumpay na aralin ay bunga ng gurong malikhain at masigasig, handang magdisenyo ng kagamitang panturo kahit may kakulangan sa oras, kagamitan, o kasanayan. Ang paggamit ng payak na materyales bilang tulay sa pagkatuto ay patunay ng dedikasyon at malasakit ng guro sa tagumpay ng estudyante. Ayon kina Cayabas at Sumeg-ang (2023), pangunahing balakid ang kakapusan ng oras, mabilis na pagbabago ng teknolohiya, at limitadong kasanayan sa paggawa ng materyales, subalit ipinamalas ng mga guro ang kanilang inisyatiba at pagkamalikhain (Asakir & Mahmudah, 2022). Sa ganitong paraan, ang malikhaing paggamit ng guro ay nakatutulong sa mas mabisang pagkatuto at mas mataas na partisipasyon ng estudyante sa klase (Romarate et al., 2023).

Ipinakita rin ng pagsusuri nina Abad at Hattie (2025) na ang paggamit ng *inquiry-based learning kit* at *multimedia-enhanced* na aralin ay nagbigay-daan sa mas mabisang scaffolding ng pagkatuto, epektibong implementasyon ng iba't ibang aktibidad, at mas mabilis na pagtugon sa pangangailangan ng klase. Ang mga estudyanteng gumamit ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ganitong materyales ay nagpakita ng mas mataas na kakayahang mag-isip nang kritikal, mas mahusay na pagpapanatili ng kaalaman, at mas malalim na pag-unawa sa leksyon, na nagpapatunay sa direktang epekto ng malikhaing paggamit ng guro sa tagumpay at pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Hinggil sa Pananaw ng mga Guro sa Wika na Nagtuturo ng Adventure Camp sa Pagpapabasa Gamit ang Wikang Filipino na Maaaring Ibahagi sa Kanilang Kapwa Guro**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagpapamalas ng Dedikasyon at Bokasyon sa Pagtuturo | • pagkakaroon ng dedikasyon at mahabang pasensya Pagpapamalas ng Dedikasyon at Bokasyon sa Pagtuturo<br>• pagtuturing sa pagtuturo bilang bokasyon at misyon<br>• pagbuo ng magandang ugnayan sa mga mag-aaral |
| Pagpapatuloy ng Pagsasanay at Suporta para sa Pagpapaunlad ng Guro | • pagpapaunlad ng propesyonal na kakayahan ng mga guro sa pamamagitan ng seminar at pagsasanay.<br>• pagpapatibay ng kasanayan ng mga bagong guro sa paggamit ng ICT<br>• pagsusulong ng mentoring bilang mahalagang bahagi ng paglago ng guro. |
| Pag-aangkop ng Pagtuturo sa Kakayahan ng mga Mag-aaral | • pagkakaroon ng kakayahang maging flexible sa pagtuturo<br>• pagtiyak sa kaangkupan ng mga estratehiya batay sa pangangailangan ng mga mag aaral<br>• pagsiguro sa katumpakan ng kagamitang panturo ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral<br>• pagtutugma ng mga gawain sa mga pamantayang pangnilalaman<br>• pag-aangkop ng mga gawain sa zone of proximal development ng mga mag-aaral |
| Pagpapaunlad sa Pagbasa sa tulong ng mga Estratehiya sa Pagtuturo | • pagpapalakas ng kakayahang magpahayag sa pamamagitan ng pagsasanay sa pagsasalita gamit ang wika<br>• pag-iintegrate sa teknolohiya bilang estratehiya sa pagtuturo<br>• pagpapahusay ng pagtuturo sa pamamagitan ng one-on-one na approach<br>• paggamit ng storytelling na may kasamang aksyon at kagamitan<br>• paglalapat ng multi-sensory approach sa pag-aaral ng mga letra at salita<br>• pagpapatupad ng kontekstwalisadong pagbasa<br>• pagbibigay ng pansamantalang suporta upang maiangat ang kasalukuyang antas |

**Pagpapamalas ng Dedikasyon at Bokasyon sa Pagtuturo**

*Ang mahalaga ay ang tunay na pagkukusa at kagustuhan ng guro. Kahit gaano kaganda ang materyales, kung wala ang kagustuhan ng gurong magturo ay hindi pa rin matututo ang bata. IDI-02*

*Hindi man ako perpektong guro, pero nagsusumikap akong pakinggan, unawain, at tulungan talaga ang mga bata. FGD-05*

Ayon kina Irvan et al. (2024), mahalaga ang dedikasyon ng guro sa paglikha ng suportadong kapaligiran sa pagkatuto, lalo na sa batang may espesyal na pangangailangan. Dagdag ni Mohzana et al. (2025), pinatitibay ng emosyonal na intelihensiya at aktibong paglahok sa desisyon ng paaralan ang dedikasyon ng guro. Ipinaliwanag naman ni Manlupig (2024) na ang kalidad ng buhay sa trabaho—kabilang ang kompensasyon at kondisyon—ay may malaking impluwensiya sa antas ng dedikasyon ng guro. Ipinakita nina Di Lisio et al. (2025) na ang guro ay nagsisilbing sandigan ng estudyanteng may personal na hamon, na nagpapalakas sa kanilang akademikong katatagan. Pinagtibay nina Gamboa et al. (2024) na ang pag-unawa, respeto, at bukas na komunikasyon ay nagbubunga ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Sinuportahan ito nina Martinez at Wighting (2023) na ang emosyonal na suporta at positibong disiplina ng guro ay nakapagpapasigla ng pagganyak. Dagdag pa, sina Rivera et al. (2025) ay nagpatunay na ang pagtuturo ay bokasyong nagbibigay-saysay at direksiyon sa buhay ng guro, na nananatiling masigla sa kabila ng kakulangan at pagod dahil sa kagalakang dulot ng tagumpay ng mag-aaral.

**Pagpapatuloy ng Pagsasanay at Suporta para sa Pagpapaunlad ng Guro**

*Lahat ng guro, kabilang ang volunteer ay nararapat na handugan ng pagkakataong makalahok sa seminar. IDI-01*
*May mga training seminar na ibinibigay upang hindi kayo mahirapan. Kahit guro sa wika, kailangan pa rin nating umangat sa ating trabaho. FGD-05*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mahalaga ang patuloy na pag-unlad ng guro sa pagpapanday ng matatag na pamayanang nakababasa. Sa pamamagitan ng seminar at training, napatunayan nina Ortega-Dela Cruz at Perez (2024) na tumaas ang *performance rating* ng guro mula 80.67 patungong 83.33, lalo na sa mga bagong guro. Dagdag pa, ipinakita nina Adeili et al. (2025) na ang *peer mentoring* ang nagdulot ng pinakamataas na pagbuti sa *performance* ng estudyante (16.2%), sinundan ng *workshops* (11.1%) at *online* na pagsasanay (8.1%). Suportado ito ng kwalitatibong pagsisiyasat nina Mahmood et al. (2022) na ang *in-service training* ay nakapagpahuhusay ng kalidad ng pagtuturo, integrasyon ng teknolohiya, at pagtanggap sa pamamaraang nakabatay sa pagtatanong. Pinagtibay rin ni Nugroho (2024) na ang palagiang pagsasanay na may praktikal na aplikasyon ay mahalaga sa pagpapanatili ng mataas na pamantayan sa pagtuturo.

